Pag-alalay sa Pag-aaral ng inyong Anak sa pamamagitan ng Pagtatasa, Pagsusuri at Pag-uulat

Ang layunin ng pagtatasa at pagsusuri ay ang mapabuti ang pag-aaral ng mag-aaral



Tagalog

abutin ang bawat mag-aarál

Ontario

Ang mga mag-aaral sa Ontario ay mag-uuwi ng bago at pinabuting provincial report cards (mga panlalawigang report kard) simula sa pampaaralang taon 2010-2011. Ang mga pagbabagong ito ay bahagi ng *Growing Success* (Tagumpay sa Paglago), ang napabagong patakaran ng gobyerno sa pagtatasa, pagsusuri at pag-uulat ng narating ng mag-aaral.

Ano ang aking tungkulin bilang magulang?

Alam namin na kayo, bilang magulang o tagapag-alaga, ay mahalagang mga kaakibat sa edukasyon ng inyong anak at ang mga bata ay mas mahusay sa paaralan kung ang kanilang mga magulang ay kasangkot.

Alam namin na nais ninyo ng malinaw, makabuluhan at naiintindihang impormasyon tungkol sa lagay ng inyong anak sa paaralan. Alam namin na nais ninyong regular na makarinig mula sa guro ng inyong anak sa loob ng pampaaralang taon. Itong patakaran --- kasama ang bago nitong mga report kard --- ay makakatulong na mangyari iyon.

Ano ang iba para sa mga mag-aaral sa elementarya?

Simula ngayong pampaaralang taon, ang mga mag-aaral sa elementarya sa mga Gradong 1 hanggang 8 ay mag-uuwi ng bagong fall progress report card (report kard ng pag-unlad sa taglagas) at dalawang iniwastong provincial report cards (mga panlalawigang report kard), isa sa panahon ng taglamig at isa sa katapusan ng pampaaralang taon.

Ang bagong *fall progress report card (report kard ng pag-unlad sa taglagas)*:

- naghihimok ng maaga at patuloy na komunikasyon sa pagitan ninyo at ng guro ng inyong anak
- ipinapaalam sa inyo kung gaano kahusay ang inyong anak sa pagbuo ng mga kasanayan sa pag-aaral at mga gawi sa pagtratrabaho na alam namin ay kinakailangan para sa tagumpay
- patuloy na nag-uulat sa lahat ng akademikong asignatura --- tulad ng language (wika), math (matematika), social studies (sibika), science and technology (siyensya at teknolohiya) --- ngunit sa halip na magbigay ng grado o marka, sasabihin nito kung gaano kahusay umuunlad ang inyong anak:"napakabuti", "mabuti" o "mayroong kahirapan"
- higit na ipinapakita ang mga kalakasan at mga bagay na dapat ipagbuti bago tapusin ang mga pagsusuri
- kabilang ang mga komentaryong isinapersonal, malinaw at makabuluhan mula sa guro ng inyong anak.

Ang pinagbuting *elementary provincial report card (panlalawigang report kard sa elementarya):*

- binibigyang diin din at nagbibigay ng mga halimbawa ng mga kasanayan sa pag-aaral at mga gawi sa pagtratrabaho na kinakailangan
- mayroong sapat na ispasiyo para sa mga guro na magdagdag ng makabuluhan, malinaw at isinapersonal na mga komentaryo upang inyong maintindihan kung paano umuunlad ang inyong anak
- gumagamit ng mga letrang grado para sa mga Gradong 1-6 at mga markang bahagdan para sa mga Gradong 7-8 upang malinaw ninyong maintindihan kung gaano kahusay ang lagay ng inyong anak
- nagbibigay ng mga mungkahi kung paano ninyo masusuportahan ang pag-aaral ng inyong anak sa bahay.

Kailan iuuwi ng aking anak ang mga elementary provincial report cards (mga panlalawigang report kard sa elementarya) na ito?

Mayroong tatlong pormal at kinakailangang panahon ng pag-uulat para sa mga grado sa elementarya.

1. Ang bagong fall progress report card (report kard ng pag-unlad sa taglagas) ay ibibigay sa pagitan ng Oktubre 20 at Nobyembre 20.
2. Ang unang provincial report card (panlalawigang report kard) ay ibibigay sa pagitan ng Enero 20 at Pebrero 20.
3. Ang ikalawang provincial report card (panlalawigang report kard) ay ibibigay sa katapusan ng pampaaralang taon.

Ang eksaktong mga petsa ay itinatakda ng mga indibidwal na konseho ng paaralan.

Nagbago ba ang secondary provincial report cards (mga panlalawigang report kard sa sekondarya)?

Oo. Ang mga pagbabago sa secondary provincial report cards (mga panlalawigang report kard sa sekondarya) ay kinabibilangan ng:

- mas mayroong diin, kabilang ang mga halimbawa ng mga kasanayan sa pag-aaral at mga gawi sa pagtratrabaho [tignan ang paningit]
- karagdagang impormasyon tungkol sa iba't-ibang mga antas ng pagtatapos at kung paano ito tumutugma sa mga markang bahagdan
- mga komentaryo ng guro na personal, malinaw at makabuluhan.

Kinakailangang mga Kasanayan sa Pag-aaral at mga gawi sa Pagtratrabaho

Mayroong anim na mga gawi sa pagtratrabaho na ngayon ay binibigyang diin sa buong Gradong 1 hanggang 12 sa lahat ng mga report kard sa Ontario:

- Responsibilidad
- Organisasyon
- Malayang Gawain
- Pakikipagtulungan
- Pagkukusa
- Regulasyon sa sarili

Ontario Ministry of Education

Elementary Progress Report Card

[Board logo]

Date:

Student:	OEN:	Days Absent:	Total Days Absent:
Grade:	Teacher:	Times Late:	Total Times Late:

Board:	School:
Address:	Address:
	Principal: / Telephone:

[Space for Board Information]

1

Bukas na espasyo na maaring baguhin ng ayon sa sariling gamit ng bawat konseho ng paaralan. Kabilang ang paglalahad ng pananaw ng konseho, misyon o mga layuning pang-edukasyon sa mga iba't-ibang uri ng impormasyon na maaring idagdag.

Learning Skills and Work Habits	E – Excellent G – Good S – Satisfactory N – Needs Improvement	Strengths/Next Steps for Improvement
Responsibility ▪ Fulfils responsibilities and commitments within the learning environment. ▪ Completes and submits class work, homework, and assignments according to agreed-upon timelines. ▪ Takes responsibility for and manages own behaviour.		
Organization ▪ Devises and follows a plan and process for completing work and tasks. ▪ Establishes priorities and manages time to complete tasks and achieve goals. ▪ Identifies, gathers, evaluates, and uses information, technology, and resources to complete tasks.		
Independent Work ▪ Independently monitors, assesses, and revises plans to complete tasks and meet goals. ▪ Uses class time appropriately to complete tasks. ▪ Follows instructions with minimal supervision.		
Collaboration ▪ Accepts various roles and an equitable share of work in a group. ▪ Responds positively to the ideas, opinions, values, and traditions of others. ▪ Builds healthy peer-to-peer relationships in person and through personal and media-assisted interactions. ▪ Works with others to resolve conflicts and build consensus to achieve group goals. ▪ Shares information, resources, and expertise, and promotes critical thinking to solve problems and make decisions.		
Initiative ▪ Looks for and acts on new ideas and opportunities for learning. ▪ Demonstrates the capacity for innovation and a willingness to take risks. ▪ Demonstrates curiosity and interest in learning. ▪ Approaches new tasks with a positive attitude. ▪ Recognizes and advocates appropriately for the rights of self and others.		
Self-Regulation ▪ Sets own individual goals and monitors progress towards achieving them. ▪ Seeks clarification or assistance when needed. ▪ Assesses and reflects critically on own strengths, needs, and interests. ▪ Identifies learning opportunities, choices, and strategies to meet personal needs and achieve goals. ▪ Perseveres and makes an effort when responding to challenges.		

3

Mga Kalakasan/Mga Susunod na Hakbang para sa Pagpapabuti: Ang mga guro ay magdadagdag ng personal at madaling intindihin na mga komentaryo na tumatalakay sa pag-unlad ng mag-aaral sa anim na kasanayan at mga gawi sa pagtratrabaho.

 © Queen's Printer for Ontario, 2010

2

Kulumna kung saan ang mga guro ay magdadagdag ng letrang simbolo upang iulat ang pag-unlad ng mag-aaral sa anim na kasanayan sa pag-aaral at mga gawi sa pagtratrabaho:
E - excellent (napakahusay)
G - good (mahusay)
S - satisfactory (maimis)
N - needs improvement (nangangailangan ng pagpapabuti)

Student: OEN: Grade:

ESL/ELD– Achievement is based on expectations modified from the curriculum expectations for the grade to support English language learning needs.

IEP– Individual Education Plan
NA – No instruction for subject/strand

Subjects	Progressing With Difficulty	Progressing Well	Progressing Very Well	Strengths/Next Steps for Improvement
Language Reading, Writing, Oral Communication, Media Literacy ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ NA				
French ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ NA ☐ Core ☐ Immersion ☐ Extended				
Native Language ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ NA				
Mathematics ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French				
Science and Technology ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French				
Social Studies ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French				
Health and Physical Education: **Health Education** ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French				
Health and Physical Education: **Physical Education** ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French				
The Arts: **Dance** ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French ☐ NA				
The Arts: **Drama** ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French ☐ NA				
The Arts: **Music** ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French ☐ NA				
The Arts: **Visual Arts** ☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French ☐ NA				
☐ ESL/ELD ☐ IEP ☐ French ☐ NA				

5

Mga Kalakasan/Mga Susunod na Hakbang para sa Pagpapabuti: Komentaryo ng guro tungkol sa kung paano umuunlad ang mag-aaral sa hinaharap tungo sa pagtugon sa mga ekspektasyon ng kurikulum ng mga asignatura, pagkilala sa mga signipikong kalakasan, mga bagay na may kahirapan at mga susunod na hakbang para sa pagpapabuti.

To Parents/Guardians and Students: This copy of the progress report card should be retained for reference. The original or an exact copy has been placed in the student's Ontario Student Record (OSR) folder and will be retained for five years after the student leaves school.

Teacher's Signature X Principal's Signature X

[Space Designated for Board]

6

Bukas na espasyo na maaring baguhin ng ayon sa sariling gamit ng bawat konseho ng paaralan. Mga halimbawa ng impormasyon/mga gamit ay kinabibilangan ng pagbibigay ng karagdagang mga komentaryo, paghiling ng isang pakikipanayam sa mag-aaral o magulang, pagbabalangkas ng mga susunod na hakbangin, pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga gawain sa paaralan.

4

Mga kolumna kung saan mamarkahan ng mga guro ang isa sa mga kahon upang iulat kung ang mag-aaral ay umuunlad "ng may kahirapan", "mahusay" o "napaka-husay" sa isang partikular na asignatura, halimbawa ay math (matematika), science (siyensya), social studies (sibika), language (wika), health and physical education (kalusugan at pisikal na edukasyon).

Kailan iuuwi ng mga mag-aaral sa sekondarya ang mga panlalawigang report kard?

Tulad sa nakaraan, ang mga semestrong paaralan ay magpapa-uwi ng mga report kard dalawang beses bawat semestro. Ang mga hindi-semestrong paaralan ay magbibigay ng report kard tatlong beses bawat taon.

Ang eksaktong mga petsa ay itinatakda ng mga indibidwal na konseho ng paaralan.

Madali bang maiintindihan ang mga komentaryo ng mga guro?

Oo. Lahat ng bagong mga report kard ay mayroong malawak na mga espasyo para sa mga guro upang madagdagan nila ng mga komentaryo tungkol sa kung ano-ano ang nalalaman ng inyong anak at ang kaya niyang gawin. Maari nilang gamitin ang espasyo upang ilarawan ang mga kalakasan at susunod na mga hakbang para sa pagpapabuti at pati na rin para maidagdag ang kanilang sariling obserbasyon at personal na komentaryo.

Makakarinig ba ako mula sa guro ng aking anak sa ibang pagkakataon?

Kayo ay dapat na regular na makarinig mula sa guro ng inyong anak sa loob ng pampaaralang taon. Bukod sa mga report kard, ang ibang mga uri ng komunikasyon ay kinabibilangan ng mga pagpupulong ng magulang-guro o magulang-mag-aaral-guro, mga pakikipanayam, mga tawag sa telepono, mga tseklist at impormal na pag-uulat.

Paano napagpapasiyahan ng mga guro ang mga grado ng aking anak?

Tinitignan ng mga guro ang mga takdang-aralin, mga pagsusulit, mga eksaminasyon, mga demonstrasyon at mga proyekto para sa katibayan na natututunan ng inyong anak ang kurikulum.

Ang pagkakatuto na ito ay nangangahulugan ng mas higit sa pagkakaalam ng mga katotohanan. Kinakailangan din ng mga mag-aaral na maipakita na naiinitindihan nila ang kanilang pinag-aaralan sa pamamagitan ng pakikipag-komunikasyon at paggamit ng kanilang natutunan. Kailangan din nilang ipakita ang kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa paglutas ng problema.

Ang lahat ng mga gawain ay sinusuri ng may espesyal na pansin sa kalidad ng gawain sa katapusan ng yunit na pinag-aralan, termino o semestro. Hindi lang basta simpleng kinakalkula ng mga guro ang mga pamantungan. At sa pagtingin sa mga pagsusulit o mga takdang-aralin, kinakausap din nila at inoobserbahan ang inyong anak sa silid-aralan upang makakuha ng mas maraming impormasyon na posible bago gumawa ng desisyon sa pinal na grado.

Para saan ginagamit ang takdang-aralin?

Ang patuloy na takdang-aralin ay ginagamit upang bumuo ng mga kasanayan sa pag-aaral at organisasyon, pagsamahin ang mga kaalaman at maghanda para sa susunod na klase. Ito ay nakakatulong din sa pagbuo ng matibay na mga kasanayan sa pag-aaral at pagtratrabaho, na naipapakita sa provincial report card (panlalawigang report kard).

Ano ang ibig sabihin ng "R" sa provincial report card (panlalawigang report kard) ng aking anak sa mga Gradong 1 hanggang 8?

Ang ibig sabihin ng "R" ay malawak na pamamagitan ang kinakailangan sapagka't ang mga kailangang kasanayan at kaalaman sa asignatura ay hindi natugunan. Mahalaga na makipag-tulungan sa guro ng inyong anak upang makabuo ng mga estratehiya upang masuportahan ang inyong anak sa pagkakaroon ng kinakailangang kaalaman at mga kasanayan.

Ano ang ibig sabihin ng "I" sa provincial report card (panlalawigang report kard) ng aking anak sa mga Gradong 1 hanggang 10?

Ang ibig sabihin ng "I" ay walang sapat na impormasyon ang guro upang makapagbigay ng grado o marka. Ito ay maaring mangyari, halimbawa, kung ang inyong anak ay kamakailan lamang lumipat ng paaralan o nagkaroon ng sakit sa mahabang panahon.

Mayroon bang mga kahihinatnan ang pandaraya o pamamlahiyo?

Oo. Malinaw na sinasaad ng napagbagong patakaran sa pagsusuri na ang mga mag-aaral ay responsable para sa kanilang sariling gawain. Maaring magkaroon ng mga kahihinatnan, na maaring kabilangan ng pagtanggap ng zero (sero), para sa pandaraya, pamamlahiyo o hindi pagkumpleto ng gawain. Tanungin ang inyong konseho ng paaralan tungkol sa patakaran sa pandaraya o pamamlahiyo.

Mayroon bang mga kahihinatnan ang hindi pagkumpleto ng gawain o pagsusumite ng gawain ng huli?

Ang inyong anak ay responsable sa pagpapakita ng kaniyang natutunan o natapos sa loob ng panahon na ibinigay ng kaniyang guro.

Ang patakaran ng Ontario ay mayroong nakalistang mga estratehiya na magagamit ng mga guro upang parehong mapigilan at matugunan ang huli at hindi nagawang mga takdang-aralin. Ang mga opsyon ay nasasaklawan mula sa peer tutoring (pagtuturo ng kauri) at pagbibigay ng time-management lessons (mga leksiyon sa pamamahala ng oras) hanggang sa malawak na pagplaplano ng paaralan ng higit na malaking mga takdang-aralin.

Sa lahat ng mga grado, kung ang inyong anak ay laging walang takdang-aralin o nagpapasa ng gawain ng huli, ito ay maaaring lumabas sa *Learning Skills and Work Habits* (Mga Kasanayan sa Pag-aaral at mga Gawi sa Pagtratrabaho) na bahagi ng report kard. Ang mga mag-aaral sa mga Gradong 7 hanggang 12 ay maaari ring mabawasan ng puntos.

Magtanong sa inyong paaralan tungkol sa kanilang patakaran sa huli o hindi nabibigay na mga takdang-aralin.

Nagbago ba ang mga pamantayan ng edukasyon sa Ontario?

Hindi. Malinaw na pinapakita ng kurikulum sa Ontario kung ano ang dapat malaman at magawa ng mga mag-aaral sa lahat ng mga asignatura at mga kurso. Ang bawat mag-aaral ay tinatasa at sinusuri laban sa parehong mataas na mga pamantayan ng lalawigan.

Bakit binibigyan ng mas tangos at mas diin ang mga kasanayan sa pag-aaral at mga gawi sa pagtratrabaho?

Ipinapakita ng saliksik na kailangan matutunan ng mga mag-aaral ang higit sa mga katotohanan lamang kung nais nilang magtagumpay sa postsecondary education (edukasyon pagtapos ng sekondarya) at sa mundo ng trabaho.

Natututunan din ng mga mag-aaral sa Ontario ang pagkakaroon ng pagkukusa, paggawa ng mag-isa, magtiwala sa sarili at gumawa sa loob ng isang pangkat. Itinuturo ng mga paaralan ang kritikal na pag-iisip at mga kasanayan sa paglutas ng problema upang mabigyan ang inyong anak ng abilidad na samsamin ang bawat oportunidad para sa mga trabaho at paglago sa makabagong kaalaman sa ekonomiya.

Bakit ipinakilala ng gobyerno ang bagong patakaran sa pagtatasa, pagsusuri at pag-uulat?

Ang layunin ng pagtatasa, pagsusuri at pag-uulat ay upang mapabuti ang pag-aaral ng mag-aaral. Ang mga bagong daan ay nagbibigay sa mga tagapagturo ng mga bagong hamon at mga bagong oportunidad para mapakinabangan ng mga mag-aaral. Sumasalamin sa bagong kaalaman na ito, pinapagbago at nililinaw ng *Growing Success (Tagumpay sa Paglago)* ang pinaka-mahusay na mga gawi at mga pamamaraan na ginagamit ng mga guro upang makalikom at makapag-bahagi ng mga impormasyon sa mga magulang at mga mag-aaral.

Pangunahing Mga Prinsipyo

Ang mga guro sa Ontario ay gumagamit ng mga pamamaraan ng pagtatasa at pagsusuri na:

- patas, maliwanag at karampatan
- sumusuporta sa lahat ng mga mag-aaral
- maingat na pinaplano
- malinaw na naipaliwanag sa mga mag-aaral at mga magulang sa simula ng pampaaralang taon
- patuloy at iba-iba, at nagbibigay ng maramihang oportunidad para sa mga mag-aaral upang ipakita ang kanilang natututunan
- kabilang ang katugunan na malinaw, makabuluhan at napapanahon
- tumutulong sa mga mag-aaral na maging malayang mag-aaral.

Para sa karagdagang impormasyon, at upang makita ang kabuuan ng *Growing Success (Tagumpay sa Paglago)*, bisitahin ang websayt ng Ministro ng Edukasyon (Ministry of Education) sa ontario.ca/EDUparents.

Printed on recycled paper • ISBN 978-1-4435-4335-4 (Print) • ISBN 978-1-4435-4336-1 (PDF) • © Queen's Printer for Ontario, 2010